


Paano Iprotesta ang isang Desisyon ng Kagawaran ng Paggawa at Mga Industriya sa Iyong Kahilingan



Ano ang isang protesta?

Ang isang protesta ay isang liham na nagsasaad na ikaw ay hindi sang-ayon sa isang desisyon sa iyong kahilingan na kompensasyon ng mga manggagawa. Ang iyong protesta ay dapat matanggap sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang desisyon.

Sa iyong protesta ay dapat kasama ang:

- Ang pangalan mo at numero ng paghahabol.
- Ang petsa ng desisyon ng kagawaran.
- Ang dahilan kung bakit hindi ka sang-ayon at mga ulat ng mga provider o ibang impormasyon na pinaniwalaan mo na nagpapakita na ang desisyon ay mali.

Saan ko dapat ipadala ang aking protesta o apela?

- Magpadala ng isang protesta sa online gamit ang Claim and Account Center (Center para sa Paghahabol at Account) sa <https://secure.Lni.wa.gov> (kailangan mong mag-set up ng isang account na may password para gamitin ang opsyong ito). ○
- Magpadala ng isang nakasulat na protesta sa: Department of Labor & Industries, P.O. Box 44291, Olympia WA 98504-4291. ○
- Magpadala ng isang nakasulat na apela sa: Board of Industrial Insurance Appeals (BIIA), Executive Secretary, P.O. Box 42401, Olympia WA 98504-2401, o isumite ang iyong apela sa elektronikong porma na makukuha sa www.BIIA.wa.gov. (Maaaring hindi matugunan ng Labor & Industries [Paggawa at Mga Industriya] ang inyong hinihingi maliban kung utusan ito ng Lupon ng Mga Apela ng Mga Pang-industriyang Insurance [Board of Industrial Insurance Appeals, BIIA].)

Ano ang mangyayari kapag natanggap ng kagawaran ang aking protesta?

Susuriin ng iyong tagapamahala ng kahilingan ang iyong file ng kahilingan at gagawin ang isa sa mga sumusunod:

1. Palitan ang orihinal na desisyon. Tatanggap ka bagong liham o utos, o pareho, na may bagong desisyon.
2. Ipasiya na ang orihinal na desisyon ay tama. Tatanggap ka ng utos na nagsasaad na ang desisyon ay tama. Maaari mong iapela ang itong bagong utos sa pagsulat sa Lupon ng Mga Apela ng Mga Pang-industriyang Insurance (BIIA) kung hindi ka pa rin sang-ayon. Ang takdang panahon at direksiyong pangkoreo para sa apela ay makikita sa utos.

3. Ipasiya na ang karagdagang impormasyon ay kailangan. Tatanggap ka ng utos na hindi muna ipatutupad ang desisyon, isang liham na hihingi ng karagdagang impormasyon, o pareho. Ang tagapamahala ng kahilingan ay maaaring humiling ng karagdagang impormasyon mula sa iyo, iyong doktor, o iyong pinagtatrabahuhan.

Ang desisyon sa iyong protesta ay maaaring mangailangan ng 30 hanggang 60 araw o mas matagal batay sa kung ang karagdagang impormasyon ay kailangan. Kung hindi ka nakatanggap ng sagot sa loob ng 30 araw pagkatapos ipadala ang iyong protesta, mangyaring tawagan ang iyong tagapamahala ng kahilingan.

Paano kung hindi ako magprotesta o umapela, o gawin ito pagkaraan ng 60 araw?

Kung hindi ka nagprotesta o umapela sa loob ng 60-araw na panahon, ang desisyon ng kagawaran ay magiging pangwakas. Ito ay nangangahulugang **hindi mo na maaaring iprotesta o iapela ang desisyon.**

Kung ako ay may mga tanong o ikinababahala tungkol sa aking kahilingan, sino ang aking tatawagan?

- Ang tagapamahala ng kahilingan na humahawak ng iyong kaso, para sa mga katanungan na ispesipiko sa iyong kahilingan. Ang iyong tagapamahala ng kaso ay makakagamit ng mga interpreter upang tumulong sa iyong tawag.
- Ang walang-bayad na numero ng kagawaran, 1-800-547-8367, para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa kahilingan. Ang numerong ito ay nagkakaloob ng mapipili upang marinig ang impormasyon sa Kastila.

Para sa karagdagang tulong, maaari ka ring sumangguni sa mga sumusunod na libreng serbisyo:

- Project Help (Tulong sa Proyekto) sa 1-800-255-9752. Maaaring kailangan ang mga serbisyo ng interpreter.
- Pinagsamang Edukasyon tungkol sa Batas, Payo at Pag-refer (Coordinated Legal Education, Advice and Referral, CLEAR) sa 1-888-201-1014. Ang serbisyo ng ito ay nagkakaloob ng payo sa telepono at mga pagrekomenda sa mga manggagawang maliit ang kita sa mga ordinaryong araw, karaniwan ay sa pagitan ng 9:15 a.m. at 12:15 p.m. Ang impormasyon ay makukuha sa Kastila.

Ang pakikipag-ugnayan sa Tulong sa Proyekto o CLEAR ay hindi awtomatikong bumubuo ng isang protesta o apela sa desisyon ng kagawaran. Upang salungatin ang isang desisyon ng kagawaran, sundin ang mga hakbang na nasa papel na ito ng dapat malaman.

PUBLICATION F242-363-307 (Tagalog) [04-2019]